

# PONDO NG PINOY SUNDAY

Homily Guide for March 2021

## PONDO NG PINOY SUNDAY

### Palm Sunday

By: **Rev. Fr. Heintje L. Cañete**
Priest Coordinator, Pondo ng Pinoy Desk
Military Ordinariate

### Gospel: Mark 15: 15-39

Before entering Jerusalem, Jesus sent his apostles to pick up a colt and donkey in a nearby village: if the owner protested, they should only say: "The master needs these two animals." Would the owner accept this explanation and easily give his two animals that were the only fast transport of those days? The gospel is silent on what happened, but the apostles returned with the donkey and the colt. The owner must have been one of Jesus' benefactors who supported him and the apostles with food and other material resources as they moved around Palestine.

Jesus' entering Jerusalem on a donkey is a powerful image of evangelization. Indeed, Jesus should be distinguished from the donkey, the preacher or the instrument of his presence. The more a preacher believes himself to be a donkey, the more Jesus becomes present and visible and the easier it is for him to enter hearts and transform persons.

The greatest preacher of all times, St Vincent Ferrer who walked across Europe in the 15th century called himself the "Lord's donkey." But in the end, it becomes really difficult to distinguish between the preacher and Jesus when we encounter saints because the donkey becomes Jesus himself.

But at times, it is the preacher himself who blocks the communication of Jesus, attracting the attention to himself and not to the Lord. In this way, the donkey believes himself to be more important than Jesus, thereby casting a shadow on his presence. And when the preacher forgets about witnessing, not living his words, then he carries only himself, not able to communicate Jesus to others.

**Jerusalem is the symbol of the human heart whom Jesus wishes to enter. Jesus continues to look for donkeys that can carry him into the hearts of everybody.**

In this endeavor, like Pondo ng Pinoy, what is important is to receive Jesus in our life and be a donkey, ready and willing to share the love of Jesus to others, by sharing a little of what we have every day, as an expression of our faith, love and generosity to our brothers and sisters in need. Are we willing to listen to his call? This time he addresses us directly: "The master needs you. He wants you to be his donkey." How shall we respond to this challenge? Are we willing to share a little of what we have?



## MAGTIWALA AT MAGMALASAKIT

### Reflection on the Gospel

by: **Bernadette P. Chan**

Diocesan Coordinator, Pondo ng Pinoy Desk
Diocese of Gumaca

Tayo ngayon ay dumaranas ng matinding pagsubok sa buhay:

- ang pandemya na halos isang taon nang naging banta ng takot sa araw-araw
- ang usapin tungkol sa pulitika dahilan ng pagkawatak-watak ng mga tao dahil sa mga sitwasyon at magkakaibang opinyon
- ang mga krimen tulad ng walang habas na pagpatay, pagnanakaw, droga, prostitusyon, atbp.
- mga kalamidad na nagpapakita na ng galit ng kalikasan dahil sa pag-abuso ng tao dito
- mga kabataang nawawalan ng respeto at umaabuso sa kalayaan nila na nagiging sanhi ng kapahamakan at mga desisyon na hindi masyadong pinag-isipan dala ng *social media*
- mga magulang na nawawalan na ng oras sa mga anak at minsa'y nagdudulot ng kapahamakan
- edukasyon na abot-kamay lamang ay hindi pa rin nabibigyan ng pagkakataon dahilan sa kahirapan kaya ang kabataa'y napipilitang maghanapbuhay.

Ito'y ilan lamang sa mga sitwasyong kinakaharap natin sa kasalukuyan.

Nasaan si Hesus? Bakit Niya hinahayaang mangyari ang lahat ng ito? Naitanong ninyo rin ba ito sa inyong sarili?

Ngunit ating pagnilayan ang pagbasang ito -- huwag nating tingnan ang mga negatibong nangyayari dahil tayo ay buhay pa sa ngayon -- ito ay isang himala na ginawa ni Hesukristong ating Panginoon.

Naitanong mo rin ba sa iyong sarili na sa dinami-dami ng namatay sa COVID-19 pandemic, bakit ikaw ay nabubuhay pa? Marapat na si Hesus ay ating pasalamatan dahil sa isang himala na hindi natin inaasahan.

Ang Diyos ay patuloy na gumagawa ng mga himala sa ating buhay, kaya sana makita natin iyon sa pamamagitan ng pagtingin sa ating mga kakayahan tulad ng pagtulong sa ating kapwa. Walang hanggan ang Kanyang pagmamahal na ibinibigay sa atin at Kanyang hiling lamang ay maipadama din natin ito sa ating kapwa. Marami tayong magagawa kung tayo ay magsasama-sama sa iisang layunin. Sabi nga, ang buhay natin ay isang paglalakbay na sa bawat paghakbang ay may iba't-ibang uri ng daanang maaapakan at maraming mararanasan. Gamitin natin ang bawat pagkakataon sa buhay upang makatulong kahit sa mumunting bagay, makapagbigay ng pag-asa sa mga taong nahihirapan na sa kanilang buhay.

Walang hanggan ang Kanyang pagmamahal na ibinibigay sa atin at Kanyang hiling lamang ay maipadama din natin ito sa ating kapwa.

Ang Pondo ng Pinoy ay isa lamang instrumento ng Diyos upang mabigyan tayo ng pagkakataong makatulong sa ating kapwa na nangangailangan. Sa pamamagitan nito ay naipadadama natin sa kanila ang pagmamahal na ibinibigay sa atin ng Diyos. Hayaan nating kahit nasa gitna tayo ng mga kalamidad, pandemya, krimen at iba pang mga problema ay makatulong tayo ni Hesus na maipakita sa mga tao na habang tayo ay nabubuhay ay may pag-asa pa rin tayong malampasan ang mga hamon sa ating buhay. Ang kapayapaan ay madali nating makakamtan kung tayo ay palagiang bukas-palad sa mga nangangailangan. Magtiwala lang tayo sa anak ng Diyos na si Hesukristong ating Panginoon na Siyang tumutulong sa atin upang ang Krus na ating dala-dala ay magiging magaan.

# ANG LINGGO NG PALAPAS

Ang naunang Linggo bago ang Linggo ng Pagkabuhay (Easter Sunday) ay tinaguriang Linggo ng Palaspas dahil sa pagwawagayway ng mga tao ng mga sanga ng palma habang sinasalubong si Hesus sa kanyang pagpasok sa Herusalem. Sakay ng asno (donkey), si Hesus ay sinundan ng prusisyon ng mga tao. "Karamihan sa mga tao ay naglatag ng kanilang mga balabal sa daan, at ang iba'y pumutol ng mga sanga sa mga puno at ikinalat ang mga ito sa daan. At ang napakaraming taong nauuna sa kanya pati ang mga sumusunod sa kanya ay nagsigawan, na sinasabi, "Hosanna sa Anak ni David! Pinagpala ang dumarating sa pangalan ng Panginoon! Hosanna sa kataas-taasan!" (Mateo 21:8-10)

Ang ganitong pagsalubong ay nagpapakita ng mataas na pagkilala sa sinuman. Ang palaspas ay kadalasa'y simbolo ng kapayapaan at tagumpay, at ang pagsakay sa asno, kaysa sa kabayo ay nagsisimbolo ng mapagkumbaba at mapayapang pagdating sa isang lugar, kumpara sa pagsakay sa kabayo na kadalasang ginagamit sa digmaan.

Sa ilang mga parokya bago dumating ang pandemya, ang "Paglalatag" ay isinasagawa bilang paggunita sa makabuluhang pagsalubong na ito kay Hesus bilang Tagapagligtas. Ang mga inilatag na tela, dahil nabebendisyunan ang mga ito, ay itinatago at maaaring gamitin sa susunod na taon. Ang mga palaspas naman na hawak ng mga tao ay hindi maaaring itapon, kadalasa'y iniuuwi sa bahay o kaya'y ibinibigay sa simbahan para gamitin na abo para sa susunod na *Ash Wednesday*.

Pula at puti ang gamit na kulay sa Banal na Misa sa araw na ito, nagpapakahulugan ng pagtubos sa atin ng dugo na binayaran ni Hesus sa mundo.



https://www.foundationarts.com/
http://www.catholic.org/lent/palmsunday.php
National Shrine of Our Lady of the Abandoned Flyer 2019

**EDITORIAL BOARD**
Education Sub-Committee • Promotions Sub-Committee